



Mga Unit sa Pagpapatatag ng Krisis (Crisis Stabilization Units, CSU) sa San Diego County

Ang Mga Unit sa Pagpapatatag ng Krisis (Crisis Stabilization Units, mga CSU) ay nagbibigay ng agarang suporta sa kalusugan ng isip at mga serbisyo sa paggamot sa paraan na nakakapagpakalma sa mga taong may mga seryosong pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali. Makakatulong ang mga CSU na mapababa ang level ng pagkabalisa ng isang tao, pigilan o gamutin ang krisis sa kalusugan ng pag-uugali, at bawasan ang malubhang mga sintomas ng kondisyon sa kalusugan ng isip. Ang layunin ng mga CSU ay ikonekta ang mga tao sa patuloy na pangangalaga at iwasan ang pangangailangan para sa pangangalaga na mas mataas ang antas.



North Coastal CSU (Oceanside)

Sino ang Maaaring Maka-access ng CSU?

Ang County ng San Diego (County) ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa pagpapatatag ng krisis sa mga bata at nasa hustong gulang sa iba't ibang lokasyon sa buong county, tingnan sa ibaba para sa higit pang detalye. Ang mga CSU ng county ay karaniwang naglilingkod sa mga tao na kwalipikado o naka-enroll sa Medi-Cal, walang insurance, o masyadong mababa ang kita, gayunpaman, ang sinumang nangangailangan ng mga serbisyo ay maaaring ma-access ang mga serbisyo sa CSU.

Kung mayroon kang anumang tanong, kontakin ang pangunahin mong insurer, direktang makipag-ugnayan sa kahit saang lokasyon ng CSU na nakalista sa ibaba, o tawagan ang San Diego Access and Crisis Line sa (888) 724-7240.

Mga Lokasyon

Sa kasalukuyan, ang County ay may anim na CSU – lima para sa mga nasa hustong gulang at isa para sa mga bata at mga nagbibinata at nagdadalaga. Iniakma ang mga serbisyo sa bawat tao at ibinigay sa loob ng maikling panahon, hanggang 24 na oras.



Rehiyon at Lugar	CSU	Address at Telepono
Mga Nasa Hustong Gulang (edad na 18+)		
North Coastal, Vista	CSU ng North Coastal Community	524 West Vista Way, Vista, CA 92083 (760) 305-4900
North Coastal, Oceanside	CSU ng North Coastal Live Well Health Center Community	1701 Mission Avenue, Oceanside, CA 92058 (760) 712-3535
North Inland, Escondido	Palomar CSU	2185 Citracado Parkway, Escondido, CA 92029 (760) 739-3012
North Central, Midway District	San Diego Psychiatric Hospital Emergency Psychiatric Unit	3853 Rosecrans Street, San Diego, CA 92110 (619) 692-8222
South, Castle Park	Paradise Valley Bayview CSU	330 Moss Street, Chula Vista, CA 91911 (619) 585-4221
Mga Bata at Nasa Hustong Gulang (hanggang edad na 18)		
Central, Hillcrest	Children's Emergency Screening Unit	4309 Third Ave, San Diego, CA 92103 (619) 876-4502

Na-update noong 3/27/24

Makipag-ugnayan sa Mga Mapagkukunan

Tumawag sa 888-724-7240 para makipag-ugnayan sa San Diego Access and Crisis Line para sa libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pag-navigate ng mga serbisyo, na available ng 24/7 sa mahigit 200 wika.

Tumawag sa 988 para makipag-ugnayan sa Suicide & Crisis Lifeline network ng mga call center para sa krisis.